# TRANSIENT LOVERS

Dulang may Isang Yugto

ANG TAGPO:

Sa food park sa Baguio.

MGA TAUHAN:

| | |
|---|---|
| GARET- | Video Drama Editor |
| RANDY- | Concert promoter |

ANG ENTABLADO:

Isang outdoor table na may dalawang upuan.

May backdrop na mga food carts selling takoyaki, burgers, pandan chicken, fries, shawarma. Napapalibutan ng fairy lights ang paligid. Sa harapan kunwari'y may bandang tumutugtog.

ANG DULA:

(*Nakasandal si Garet sa smoking area sa gilid ng food park. Nanunuod siya sa bandang tumutugtog absentmindedly. Hawak ni Garet ang isang bote ng beer na hindi niya maubos-ubos. Ipapatong niya ang beer sa sahig saka magsisindi ng yosi. Kapansin-pansin na kulay blue ang*

*kanyang buhok na pixie cut. Ito rin ang mapapansin ni Randy, isang lalaking long hair na kanina pa nakatingin sa kanya. Lalapit si Randy kay Garet.*)

GARET Kuya, menu.

*(Magtataka si Randy. Lilingon si Randy to make sure na siya nga ang kinakausap ng babaeng blue ang buhok.)*

RANDY Mukha ba akong waiter?

*(Titignan ni Garet si Randy. Kayumanggi. Nakat-shirt na luma. Naka-manicure na itim. Mapapangiti ang lalaki at ipapakita kay Garet ang dala niyang bote ng beer as if saying customer rin siya rito.)*

GARET Sorry.

RANDY Ayos lang. Blue 'yang buhok mo kaya pagbibigyan kita.

GARET Ano'ng kinalaman ng buhok ko?

RANDY It's unique.

It’s attention-grabbing. Hindi ko alam kung ano ang kwento niyan but I had this instinct na ibigay sa iyo kung ano’ng gusto mo.

*(Pagtataasan ni Garet ng kilay si Randy saka patuloy sa paghahanap sa waiter.)*

GARET O-kayy?

RANDY It makes you look like a boss.

GARET Napagtripan ko lang ‘to. Walang meaning ‘to.

RANDY Sabi nga nila kapag sinasabing wala, ibig sabihin meron.

GARET Mali ‘yung iniisip mo.

RANDY Indulge me.

*(Sandaling titigil sa paghahanap sa waiter si Garet at haharapin si Randy.)*

GARET Blue is the color of sadness. Hindi ‘to pang-intimidate.

RANDY I’m not intimidated.

Anyway, cute naman. So pagbibigyan kita.

GARET Whatever Kuya long-hair.

*(Makikita ni Garet ang waiter sa wakas.)*

GARET Waiter!

*(Iwawagayway ang mga kamay)* Waiter!

RANDY *(Mapapalingon sa kinakawayan ni Garet.)*

Bad trip 'no? Kanina ko pa tinatawag 'yan lakas mandedma.

Gusto mo sapakin natin?

*(Bago pa nakakilos si Garet ay sisigaw na si Randy.)*

RANDY WAITER!

*(Dadating ang waiter at iaabot ang menu. Susulyapan ni Garet si Randy.)*

GARET Salamat.

*(Kukunin ni Garet ang menu. She scans it saka kakausapin ang waiter)*

GARET One sisig and isang cheesecake oreo milk tea with pearls.

RANDY San Mig light. Isang bucket.

WAITER Wala hong beer sa stall namin Ser e.

RANDY Baka pwedeng ikaw na lang kumuha ng order ko?

Sige na. Baka umalis 'yung kasama ko e.

WAITER *(Mapapakamot ang waiter).* Sige boss.

*(Mapapansin ni Randy na lumipat si Garet. Agad niyang susundan ito.)*

GARET Narinig ko 'yung sinabi mo sa waiter a.

Hindi tayo magkasama. Hindi porket tinulungan mo 'kong magpapansin sa waiter e may karapatan kang sundan ako.

RANDY Hindi kita sinusundan. Uupo rin ako dito o.

GARET Bakit?

RANDY Nangangalay ako kaya uupo ako. Tsaka umorder ako diba? Customer ako so pwede ako dito.

GARET Marami namang ibang upuan diyan.

*(Lilingunin ni Randy ang mesa kung saan sila umupo kanina.)*

RANDY Kanina. Malas mo wala nang bakante.

GARET O edi sige, ikaw na lang maupo.

*(Tatayo si Garet para mag-yosi. Tatayo rin si Randy.)*

GARET Tumayo ako tapos tatayo ka na rin? Ano tayo naglalaro ng Trip to Jerusalem?

RANDY Magyo-yosi rin ako e.

*(Pero walang yosi si Randy. Mapapailing na lang si Garet. Aalukin niya ito.)*

GARET Makiki-bum ka pa.

O.

*(Mahabang katahimikan habang nagyo-yosi si Garet, maging si Randy. Magyoyosi si Randy pero mapapaubo ito. Halatang hindi marunong.)*

GARET Wow magyo-yosi ka nga.

Hindi ka naman marunong humithit.

*(Inuubo pa rin si Randy.)*

GARET Ang mga lalaki talaga, gagawin kahit ano makadiskarte lang sa babae.

RANDY First of all, ikaw pumick up sa akin. Tinanong mo kung waiter ako.

GARET What? It was an honest mistake!

RANDY *(Ngingiti lang si Randy.)* Then nagpahabol ka.

GARET At ngayon umaasa ka na 'yang pagpapanggap mo na nagyoyosi ka ang conversation starter natin?

*(Papatayin ni Randy ang yosi and crushes it.)*

RANDY Fine. Hindi na ako magyo-yosi. Masaya ka na?

*(Hindi pa rin umaalis si Randy. Nakatingin pa rin ito kay Garet.)*

GARET O? Bakit nandito ka pa?

| | |
|---|---|
| RANDY | Paano kung gustong makalanghap ng second hand smoke? |
| GARET | Buong sangkatauhan diring diri sa usok ng yosi tapos ikaw, gusto mong nabubugahan without getting the full benefits? Huwag ako. |
| RANDY | Benefits? |
| GARET | The high. The stimulus. 'Yung relief sa bawat buga mo ng usok. |
| RANDY | Anong relief diyan? |
| GARET | Kaya ka non-smoker e. |
| RANDY | Sige, kung may relief man, temporary.<br>Transitory. Not to mention, damaging pa sa lungs. |
| GARET | There is a reason why smokers smoke at mahirap ipaliwanag 'yun sa mga judgmental nonsmokers like you. |
| RANDY | Assumero lang ako hindi judgmental. |
| GARET | Fine, Mr. Non-judgmental. Now, can you leave me alone? |

*(Hindi aalis si Randy.)*

GARET Wala ka talagang balak umalis 'no?

*(Hihithit-buga ulit si Garet.)*

Alam mo kung poporma ka lang, bakit hindi ka sa beach nagpunta. Marami dun DTF.

RANDY DTF?

GARET Down to fuck.

RANDY Yun ba ang tingin mo sa akin?

GARET Then why would you strike a conversation with a complete stranger in a foodpark in Baguio?

RANDY Hindi ba pwedeng nakikipagkaibigan lang?

*(Garet smirks as if to say "Yeah right".)*

RANDY O natutuwa diyan sa blue mong buhok?

GARET Hairstylist ka?

Kanina ka pa interesado sa buhok ko e!

RANDY Hindi ako hairstylist. May hairstylist bang punk?

*(Sisipatin ni Garet si Randy.)*

GARET Black nail polish, skull ring, spiky necklace. Parang hindi punk. Mas mukhang metal e. Mukha kang…bokalista ng 80’s band.

RANDY 80’s? Ilang taon na ba ako sa tingin mo?

GARET Para mo na akong anak.

RANDY 35 lang ako! Ilang taon ka na ba?

GARET 25.

RANDY Ten years lang ang agwat natin sobra ka!

GARET Sampung taon pa rin ‘yun.

Hindi tayo talo.

Tsaka hindi ka bagay dito sa food park.

RANDY Ito ang abot ng bulsa ko e.

GARET But look at the demographics, umpisahan mo dun sa tumutugtog.

*(Titingin sila sa audience. Dito kunwari tumutugtog ang banda.)*

RANDY Mukhang highschool ‘yung mga tumutugtog pero ‘yung kanta –generation ko ‘yan.

GARET E ‘yung mga nakaupo. Tignan mo nga, puro millennials.

RANDY Allergic ako sa term na ‘yan. Bakit ba sinosolo niyo ‘yan?
Sabi dun sa nabasa kong article, millennials are born from 1983 to the 2000’s.

GARET So?

RANDY Abot ako sa cut-off.

GARET Congrats! Millennial ka!

RANDY May something in common na tayo.
Tapos na tayo sa pick up stage. Ibig sabihin, pwede na tayong mag-usap?

GARET Depende kung saan papunta 'to.

RANDY Friendship.

GARET Or a hook up.

RANDY Nakainom ka na nga.

GARET Kaya ka naman nandito diba?

RANDY Hindi 'no.

GARET Weh.

RANDY Oo nga.

GARET Iniintay mo lang akong malasing!

RANDY *(Mangingiti si Randy.)* Para sabihin ko sa iyo kung makikipag-hook up ako nag-Tinder na lang ako.

GARET Wow! Thanks ha. Gusto mo pa yatang ma-flatter ako.

Sabihin mo wala kang data kaya naghahanap ka ng hook-up in an organic way. Aminin mo na, kaya ka nagpunta dito hindi para makatipid kundi dahil mahilig ka lang talaga sa bata.

*(Halatang napipikon si Randy.)*

RANDY — Naghahanap lang ako ng kausap kaya ako napadpad dito, hindi para mapagkamalang pedophile.

GARET — Ten-year difference, remember?

RANDY — Sarado na talaga utak mo 'no?

GARET — Lalaki ka, babae ako kaya 'yun ang naisip ko.

RANDY — Why is it so difficult for a woman to believe na nakikipagkaibigan lang ang isang lalaki sa kanya, kahit pa malaki ang age difference?

GARET — You know what, Mr. Long hair, kaysa magkapikunan tayo dito, why don't we just end this on a high note?
Nice meeting you, good night, goodbye and have a nice life.

*(Patalikod na si Garet kat Randy nang humirit ulit ang lalaki.)*

RANDY Aminin mo na kasi. May pagka-feeling ka.

*(Babalik si Garet to face Randy.)*

RANDY Ang hilig mong mag-assume.

GARET Uy teka ako lang ba ang walang comprehension problem dito?
Ako ang jinudge mo a. Sabi mo feeling ako.

RANDY Dahil pinagbibintangan mo akong pedo.

GARET I never said that!

RANDY But you insinuated.

GARET Creepy ka e!

*(Matatawa si Randy.)*

RANDY Kung creepy ang tawag mo sa isang 35 year old man na nakikipag-usap sa isang 25 year old na babae, o di sige.
At least hindi naman galit sa mundo.

GARET Ako? Galit sa mundo?!

RANDY Simula ng nag-usap tayo wala ka pang sinasabing anything positive. Puro nega ang lumalabas sa bibig mo.

GARET I am just protecting myself from a possible maniac. And second. Dude, seriously? Tinawag mo ‘kong feeling at galit sa mundo in one conversation.  Kung inaakala mong makukuha mo ang attention ko by dissing me twice in a row…you’re barking at the wrong tree.

RANDY Ako rin naman tinawag mong pedo at creepy.

GARET May kulang pa dun - pathetic.

RANDY May idadagdag ka pa?

GARET Wala na.

RANDY At least hindi down-to-fuck.

*(Pause. They share a companionable silence habang nagyo-yosi si Garet.)*

GARET Panghahawakan ko ‘yang sinabi mo ah.
Para sa tuwing mapupunta sa landian ang topic ipapaalala ko sa iyo na sinabi mong hindi ka DTF.

RANDY Sige ba. Ipaprint mo, ipa-notaryo ko!

*(Bahagyang matatawa si Garet. Matatawa rin si Randy. Papatayin ni Garet ang apoy ng papaubos niyang yosi. Magsisindi ulit siya. Hihithit.)*

RANDY Pero alam mo, mukhang tama ka, wala namang DTF dito sa Baguio hindi katulad ng mga nasa beach.

GARET Siguro kasi hindi exposed ang katawan ng mga nandito dahil malamig.

RANDY Dun kasi - if you have it, flaunt it!
Kaya puro naka-bra top na nakasilip ang cleavage at sideboob, at bikini na g-string. Not that I’m complaining.

GARET Pero hindi porket ganun ang suot ng mga nasa beach DTF na. It’s just a place to be seen at mapansin.

RANDY Siguro gusto lang talaga nilang ipakita ang mga katawan nila because they worked hard for it. It’s a confidence thing.

GARET Pero alam mo, lahat ng nagpupunta dun pansin ko, gusto lang talaga makipag-hook up.

Nung nandun ako, I was picked up five times!

Kaya nga siguro tama ang duda ko that 9 out of 10 single people who go there want to hook up.

Actually 9 out of 10 people who travel alone want to meet someone.

It doesn't matter kung magkalayo ang edad or what.

RANDY Where do you get these statistics?

GARET Yung mga taong nagso-soul search kuno. Kunwari lang yan. Gusto nila talagang um-aura kaya nasa beach sila.

Tapos magpipictorial ng naka-two piece.

Either they want to hook up sa beach or they will post their beach pic sa social media para magpapansin sa lalaking type nila. It's all about the likes.

RANDY Based from experience?

GARET 2016. Boracay. A random guy messaged me on facebook.

May common friends kami so I met him.

And then when we met, after one drink. One drink! Ayun – sex ang gusto.

Akala ko gusto talaga ako ng gago.

RANDY At least isang beses lang. Lesson learned.

GARET Lesson learned after a very long hook up that lasted three years.

RANDY Ouch.

Three years. Ibig sabihin—ngayong taon lang natapos?

Last month? Last week?

Kahapon?

GARET Saklap diba? Tanga e.

RANDY Huhulaan ko, hindi ka pa judgmental 'nun.

GARET Sana nga naging mapanghusga na ako 'nun. Saved me from trouble.

RANDY So you're recovering from a broken heart.

I would understand if you're not here to meet someone.

GARET Nope. Not here to meet someone.

RANDY		Fair enough.

GARET		Ikaw?

RANDY		Depende sa taong makikilala.

GARET		Alam ko na. May ire-reto ako sa iyo. ‘Yun o.

*(May ituturong babae si Garet, sa baba ng entablado, galing sa audience.)*

GARET		Medj chubby pero cute.

RANDY		*(Ikikibit ni Randy ang balikat.)* Ok lang.

GARET		E ‘yun? Mestiza o. Hawig ni Kelsey Merritt.

RANDY		Out of my league.

GARET		This girl…Sakto lang. Tanned. Beach girl.

RANDY		Pwede…

GARET Go na, maunahan ka pa. Puro girls pa naman ‘yung kasama. Ibig sabihin nun, walang jowa.

*(Hindi kikilos si Randy.)*

GARET Ano na? Go after the beach babe!

RANDY Gusto ko sana. Kaso…wala ako sa beach.

GARET So?

RANDY Sabi mo ‘yung mga nasa beach ang naghahanap ng hook up.

*(Mapapangiti si Garet. Magkakangitian sila ni Randy.)*

GARET Sus…Naubusan ka kamo ng seat sale.

*(Mapapailing na lang si Randy sa mga sinasabi ni Garet.)*

GARET So hindi ka DTF. E ano ka? Ano’ng gusto mong mangyari?

RANDY I just go with the flow. Ikaw ba?

GARET Well, ako hindi. Naka-set na ang utak ko sa gusto kong gawin.
At walang makakasira nun whatever the circumstances.

RANDY So nagpunta ka sa Baguio para…?

GARET Chumill.

RANDY Pwede ka naman sa QC bakit dito pa?

GARET Paano ako chi-chill dun to forget everything, e that's where I work?
Tsaka panalo kaya dito sa bundok. Simoy pa lang ng hangin knockout na 'yung mga halimaw sa utak ko kaya nananahimik sila at hindi nagpapakita.

*(Mapapatingin si Randy kay Garet. Magkakatinginan sila, saka parehong mapapahugot ng malalim na hininga habang pinagmamasdan ang view na tila ninanamnam ang ganda at lamig sa lugar.)*

GARET Tapos kapag umulan pa, which is madalas…wala ka talagang magagawa kundi mag-emote at sumigaw.
Kaya maraming nag-e-emo dito e.

RANDY Kaya marami ring nagse-sex.

GARET Gagu!

*(Dadating ang waiter na may dalang isang bucket ng beer, sisig at milk tea. Aasikasuhin nila ang mga orders, magbabayad, habang patuloy na nag-uusap.)*

GARET Thanks, Kuya.

*(Pagmamasdan ni Randy ang order ni Garet.)*

RANDY Ayos a. Milk tea sa gimik.

GARET This ladies and gentlemen, is good vibes in a cup.

RANDY Usong uso ‘yan e no?

May kilala nga ako na willing pumila ng isang oras para lang diyan.

Tindi nun- isang oras?!

GARET Minsan nga 2-3 hours pa e.

RANDY And what’s with all the cream cheese and oreo at kung anu-anong nilalagay niyo diyan? Milk tea lang dapat diba? Tea, milk, asukal, yung sago.

GARET Mali 'yung nabasa mong article. Hindi ka millennial.

Kasi hindi mo ma-gets 'tong milk tea!

RANDY Di bale na. Kape pa rin ako.

GARET Starbucks?

RANDY Barako.

GARET *(Titigil si Garet sa pag-inom ng milk tea niya.)* Hindi masarap.

RANDY Kasi hindi ka pumila ng three hours?

GARET Kapag madali mong nakukuha parang ordinary lang.

Iba 'yung mahirap kunin. Mas worth it.

That's why I am not a fan of instant gratification.

Parang sa success sa buhay, sa pag-ibig. Kahit simpleng bagay gaya ng pagdi-diyeta.

Lahat ng paghihirap they are all part of the process.

The experience toughens you. Nag-gu-grow ka.

RANDY From milk tea to life choices ang layo ng tinalon a.

GARET May wisdom ang pagpila sa milk tea.

RANDY Pero, hindi ba mas maganda to just skip the hardship at makarating na sa finish line?
It seems pointless to me na kailangang pagdaanan ang paghihirap kung ang gusto lang talaga natin, maging masaya?
Life is short.

GARET Life is more than that.
Life is about ups and downs, twists and turns.
Life is lived every day. It’s unpredictable because every day may be different or the same. Life is a journey. And you have to make the right turns each time or else you’ll get lost.

RANDY Ikaw ba ‘yung lasing? Bakit diretso na English mo?

GARET Uminom ako kanina diba?

*(Tawanan sila.)*

RANDY So tell me your story.

GARET ‘Yung full-length o ‘yung trailer?

RANDY May difference ba ‘yun if it’s the same content?

GARET *(Ituturo ang sarili.)* Video Editor here. So, yes para sa akin may difference `yun. Kapag trailer lang we remove the scenes na wala masyadong nangyayari.
Like, the moment we wake up, or the horrible traffic…

RANDY Paano kung full-length?

GARET We only show the scenes na nagbi-build up ng kwento. Scenes that make sense to the ending o sa message ng story.

RANDY Any stories na alam ko?

GARET It doesn’t matter.

RANDY May hugot?

GARET I’m a video editor. I edit bad memories.

RANDY Bad memories being?

Kung ayaw mong pag-usapan you can take this out of the final cut.

*(Mapapatingin si Garet kay Randy. Tititigan niya ito nang sandali.*

*Pagkatapos ng mahabang patlang, muling magsasalita si Garet.)*

GARET How about you?

Anong kwento mo?

RANDY Cut o uncut?

GARET Diba sinabi ko na sa iyo, mahaba man o maiksi, it's the same story.

RANDY I'm a concert promoter.

GARET Tapos?

RANDY 'Yun na 'yun. Self-explanatory.

Concert. Promoter.

GARET Nandito ka kasi may concert ang banda mo?

RANDY I'm actually scouting for new bands.

GARET Ikaw, hindi nagbabanda?

RANDY Road manager na pagawa-gawa ng lyrics. Pero matagal na ‘yun.

GARET May sikat kang kanta?

RANDY ‘Yung Ang Huling El Bimbo ng Eheads.

GARET Seryoso?! Si Ely Buendia gumawa ng El Bimbo a!

RANDY ‘Yan ang sabi nila.

GARET Teka paano nangyari ‘yun?

RANDY Road manager ako nun. Pero naisipan nilang isali ako para gumawa ng isang kanta. Isang gabi nagsulat ako habang nakikinig ng plaka ni Matt Munroe. Ako ang nakaisip ng kwento ng kanta, naglapat ng istorya.

GARET May credit ka maman siguro.
Unfair kung wala ‘no. Dapat may royalty ka.
Acknowledgement man lang hindi ‘yung hinayaan mo silang tanggapin ang accolades without saying anything--!

*(Mapapailing si Randy at matatawa.*

*Takang taka naman si Garet. Hanggang sa mapagtanto ni Garet pinati-tripan lang siya ni Randy. )*

| | |
|---|---|
| GARET | Gago ka?! Alam mo 'yun!<br>Gago mo. |
| RANDY | The perks of being a non-millennial – I know my E'heads that well na hindi ako kayang bolahin ng kahit na sino. |
| GARET | Genius ka niyan?<br>Sinasakyan lang kaya kita. |
| RANDY | Baka naman ikaw ang may mga TV shows o movies na sikat? |
| GARET | 'Yung That Thing Called Tadhana? Base sa kwento ko 'yun.<br>Tropa ko si Tonette nung nagpepelikula ako. PA ako nun, script con siya. |
| RANDY | So feeling mo maniniwala ako niyan? |

(*Tawa lang si Garet.)*

RANDY Imbes na nag-iimbento tayo that we did great things, it would be nice if we *actually* created great things.

GARET Life is great. Managing your life is great.

RANDY Oo e pero there has to be something more.

GARET Mas okay na sa akin na marunong ako ng basic life skills at mamuhay nang simple.
Nakakabiyahe. May kaunting ipon.
Kasi we can do great things lang naman if we feel great ourselves diba?

RANDY Takot ka lang mag-fail.
Huwag ganun. Bata ka pa.
At saka sa itsura mong 'yan, hindi ikaw 'yung tipong magpapasikat lang sa IG. May mga pangarap ka e.

*(Hihigop si Garet ng milk tea niya. Matagal na para bang bumubwelo.)*

GARET Let's see.
Pangarap ko lang na makapag-edit pa ng maraming serye.
Movies. Balang araw makapag-direk. Makilala.
Pero hindi ko iiwan 'tong trabaho ko. Dito 'ko kumikita e.

‘Yung iba kasing kakilala ko inuuna ang art.

Then kapag nagugutom na sila babalik sa mainstream.

Tapos mare-realize nila ay shit, hindi pala kabaduyan lang ang pinaggagawa namin dito. Art din pala. Pinag-iisipan rin pala.

RANDY — Ganyan din naman sa music. ‘Yung mga baguhang banda kung makapagsalita parang sila may-ari ng mundo.

Kaya may respeto ako sa musikero’ng nakikinig ng ibang genre e.

Lalo na ‘yung pop, Sarah Geronimo. Regine.

Walang baduy basta totoo.

GARET — --At galing sa puso.

RANDY — And by being true, we can do great things.

GARET — Pak!

*(Magha-high five ang dalawa.)*

RANDY — Pero napaisip ako dun sa sinabi mo a.

Bakit hindi ko sinubukan nun?

Baka sikat na rin ako.

GARET Walang monopoly sa do-overs ang millennials kaya kung sinasabi mong huwag akong matakot mag-fail dapat ikaw din.

RANDY Refreshing ‘yang pagiging anti-agist mo ngayon a.

GARET Mas madaling bumait sa isang tao kapag mas lalo mo siyang nakikilala.

*(Magngingitian sina Garet at Randy.)*

RANDY Alam mo naiisip ko?

Sana video editor rin ako at isang malaking video itong buhay natin para pwede nating i-rewind, i-forward, i-pause.

*(Ubos na ang milktea ni Garet. Aalukin siya ni Randy ng beer. Kukunin niya ito, tatanggalan ng tansan. Malalim ang iniiisip ni Garet habang nilalagok ang beer.)*

GARET Sana nga.

RANDY Kapag ni-rewind ba buhay mo marami kang gustong balikan?

GARET Meron. Pero ang gusto ko lang ngayon e i-press ang play button.

And edit the bad, the nonsense.

RANDY Kapag ni-review mo ba ang buhay mo ide-delete mo ‘ko?

GARET Pag-iisipan ko.

RANDY Pasok ba ako sa trailer?

GARET Depende kung anong klaseng kwento ‘to.

RANDY Love story?

Sex comedy?

Coming of age?

GARET Horror.

RANDY Pucha. Hindi ako multo a.

GARET Ikaw ba?

RANDY Siguro buburahin ko ‘yung pitong taon kong pagiging adik.

*(Matatahimik si Garet. Saka pasimpleng titignan si Randy.)*

GARET Ah! Alam ko na genre nito – crime drama!

RANDY Hindi ka takot? Paano kung high pala ako?

GARET Mas bata ako sa iyo pero hindi ako baby. Wala naman sa mata mong high ka.

RANDY Buti ka pa marunong kumilatis.
‘Yung pamilya ko? Walang humpay kung mamintang e.

GARET Ano bang tinira mo nun?

RANDY You name it. I did it. Hanggang sa hindi ko alam unti unti na akong naaadik. ‘Yun na ang naging mundo ko. I was destroying myself.

GARET Pero ayos ka na ngayon?

RANDY Been out of the rehab 7 years na.

GARET At least ayos ka na. Pero mo naisipang tumira?

RANDY Same way kung paano ka at ang yosi.

GARET Kaya pala ni yosi ayaw mong tikman.

*(Matatahimik sila. Magkakatinginan. Matagal na katahimikan.)*

GARET		Cheers? Para sa pagbabago mo?

*(Magto-toast sila.)*

RANDY		Cheers.

RANDY		Tama na ‘to. Ikaw naman magkwento.

GARET		Nasabi ko na sa iyo ang kwento ko diba? Tsaka ikaw na lang, mas interesting ang buhay mo.

RANDY		Ang daya. Why do I need to share my most vulnerable information para lang bigyan mo ako ng pansin ‘no?

GARET		To earn my trust.

RANDY		You still think I’m picking you up?

GARET		Doesn’t matter. May pamilya ka na e. Sabi mo.

RANDY Pamilya 'yun meaning Tatay, Nanay at mga kapatid ko.

*(Pagmamasdan ni Randy si Garet.)*

RANDY Bakit mo tinatanong? Interesado ka rin ano?

GARET Hindi ko alam. Honestly, hindi. At dahil nalaman ko pa 'yang kwento ng buhay mo, iniisip ko ang honest naman ng lalaking 'to. Ang raw. At mukha namang hindi siya gagawa ng sob story para lang pumorma sa isang babae.

RANDY Mismo—!

GARET So yes, naniniwala ako sa iyo, and no I don't think you're picking me up. Tingin ko kailangan mo lang ng kaibigan.

RANDY Ang weird. Kapag pakikipagkaibigan okay lang, kapag hook up, may stigma agad na kadiri. Na gamitan.
Ang lungkot lang na iniisip mo o ng ibang tao that here I am talking to you para lang sa tiyansang galawin ang katawan mo for one night. Na ginagamit kita to pass the time or to stroke my ego.
E diba ganun rin naman ang friendship? There is a transaction going on. Sure hindi katawan. But more emotional ang need, and for me, it's worse.

Kasi emosyon ang pinag-uusapan, care at concern ang iniinvest. Hindi katulad ng sex na iiligo mo lang, tapos na.

GARET — Kaya nga mas madaling i-deal yung physical side ng sex.
Kaya may pokpok at kumukuha sa pokpok –nabibili ang pantanggal kati because physical needs are met, walang emosyon o koneksyon.

RANDY — You said nakipaghook up ka before, and stayed for three years. What made you stay?

GARET — Kasi hindi ako pokpok. Kasi tao ako na gusto ng koneksyon na habang tumatagal, mas lalong tinatratong basahan. And the more he treats me that way mas lalo akong hindi bumibitaw dahil mas lalo kong gustong makuha ang pagmamahal niya.

*(Mahabang katahimikan habang pinakikinggan ni Randy ang kwento ni Garet.)*

RANDY — At sa tuwing umaalis ka, napipigilan ka naman niya…

GARET — Nakakarelate ka?
Huwag mong sabihing pareho tayo?

RANDY — She left me when I needed her the most.

Nung time na na-rehab ako.
She promised me na nandiyan pa rin siya paglabas ko pero isang araw dumating siya kasama nung bagong road manager.
Buntis.
Tang ina. Akala ko akin. Pinagsabay na pala kami. Apparently, sa kanya nagbubuga while taking care of me.
Pero hindi ko siya masisisi.
Sino ba namang gustong magtiis sa akin?

*(Si Garet naman ang matatahimik habang pinakikinggan ang kwento ni Randy.)*

RANDY — I mean, ang relationship ay give and take. And I'm just a taker.
Sa sobrang bigat ko dalhin, bumigay siya kasama ang puso niya. Hindi niya 'ko kinaya kaya binitawan niya ako para mabuhay siya.

GARET — At hindi mo magawang magalit sa kanya so pinarurusahan mo ang sarili mo with endless hook-ups.

RANDY — Honestly kaya kita nilapitan dahil one time naging blue din ang naging buhok ng ex ko.

GARET — See. Kaya mataas ang wall ko e. I am almost always right with people

Pati ‘yang rehab story mo, I’m sure ‘yan din ang ginamit mo sa mga babaeng nakakausap mo kaya ka mo sila nakukuha.

RANDY Hindi ko ginagamit ‘yung kwento ko.
Almost everyday gusto ko ‘yung kalimutan pero palagi lang rin dun napupunta ang usapan.

GARET And in your quest for your own happiness, nakakasakit ka ng ibang tao.

RANDY Biktima rin ako ng sarili kong katangahan kaya ayokong mambiktima ng iba.

GARET That’s what you tell yourself para hugasan ang kunsensiya mo.
Pero ang ending diyan rin naman napupunta diba?

RANDY Hindi ko naman sila pinipilit kapag ayaw nila.

GARET Pero hindi mo rin pinipigilan kapag napupunta ‘dun.

*(Matatahimik si Randy. Mapapailing si Garet at mapapangiti dahil tama siya.)*

GARET At ginagalingan mo ang pakikipagkwentuhan para makuha mo diba?
Tapos kapag nakuha mo, wala nang mystery.

Sure mag-uusap kayo after, exchange numbers. Kumustahan the next day kung nakauwi nang maayos ‘yung babaeng sinex mo.

Tapos after a week wala na.

Tapos maku-curious ‘yung babae, hahanapin ka sa facebook.

Tapos magiging friends kayo, then makikita niya na may ka-date ka nang iba or worse, may girlfriend or worst, may asawa.

RANDY Ako ba ang pinag-uusapan natin o si three years?

*(Hindi pa rin natitigil ang thought process ni Garet.)*

GARET --Tapos one night, around 11 pm, magtetext ka or magme-message sa FB.

Hi.

Kumusta?

Beer?

Na parang wala lang.

Tapos kahit seenzoned kayo, mangungulit kayo nang mangungulit.

Bakit kapag ba pinaunlakan ko kayo and we have sex again, magiging tayo? Hindi naman diba?!

So why waste our time?

RANDY Sinusubukan ka lang nun kung kakagat ka.

And I assume you did.

GARET Over and over.

Wala na siguro akong dangal sa kanya kaya ganyan na lang niya ako balewalain.

RANDY ‘Yang kinukwento mo recent ‘yan no?

GARET *(Tatango si Garet.)* He’s engaged.

RANDY Huwag mong sabihing buntis ka?

GARET Muntik na.

RANDY Alam mo kalimutan mo na ‘yang gagong ‘yan.

*(The pain is too much for Garet. Mapapaiyak na siya. Hahayaan lang siya ni Randy. Mahabang katahimikan habang umiiyak si Garet.)*

GARET Dami-dami nating pinag-usapan, pucha dito rin pala ang bagsak.

Kaya hindi nakikipag-usap e.

Kuntento na kami ng milk tea ko o, ikaw ‘tong epal.

*(Maiiyak pang muli si Garet.)*

RANDY We can talk about something else.

*(Umiiyak pa rin si Garet nang tahimik. Pero dahan dahan siuyang mapapatingin kay Randy, as if thinking na ito lang ang pwedeng magtanggal ng pain niya.)*

GARET Or we could just have sex.

*(Mapapatinginsi Randy kay Garet at sandaling matitigilan.)*

GARET Come on, ito naman 'yung gusto mo diba?
Kaya mo 'ko nilapitan. You find me hot?
Na-attract ka sa buhok ko?
Gusto mo 'kong i-sex diba?

RANDY Miss—

GARET Thirty minutes na yata tayong nag-uusap. And honestly dami na nating napag-usapan. So why don't we just jump into the meat of the story at i-edit out ang mga pasakalye. It is what it is – dun din naman papunta.
Temporary pleasure, permanent pain.
I know nakakaturn off 'tong pag-iyak at drama ko.

So bakit hindi mo na lang isipin na you're doing a friend a favor katulad ng sinasabi mo kanina?

*(Mapapailing na lang si Randy. Hindi siya makapaniwala sa mga sinasabi ni Garet.)*

GARET Ano, porket sex kadiri na?

Same lang naman kung halimbawa, pinautang mo 'ko…

O kaya tinulungan mo 'kong makasakay ng taxi!

It's a harmless favor that can take away my pain!

RANDY (*Iiling)* Hindi ko pwedeng gawin 'yan. Not like this.

GARET Paano kung ikakamatay ko 'tong pain na 'to?

Diba mas humane na kantutin mo na lang ako?!

*(Hindi mapipigilan ni Randy ang sarili, matatawa siya. He bursts into laughter. Mapapatingin din si Garet kay Randy at mare-realize kung gaano katawa-tawa at ka-pathetic ang sinabi niya. Matatawa rin siya. Tawanan sila nang pagkatagal-tagal.)*

GARET And what if after we have sex, magustuhan rin naman natin ang isa't isa?

Nasa sa atin if we choose being transient lovers or real lovers after tonight.

Pero ang mahalaga, for now…is mawala 'yung sakit.

*(Mahabang katahimikan habang iniisip ni Randy kung papatol siya to spend the night with Garet. Hahaplusin ni Randy ang pisngi ni Garet.)*

RANDY Sige.

GARET Anong sige?

RANDY Punta tayo sa hotel mo.

GARET Game ka?

RANDY Saan ba? Iga-Grab ko.

*(Matitigilan si Garet saka pagmamasdan si Randy. Tatanggalin niya ang pagkakadampi ng kamay nito sa pisngi niya na tila dismayado.)*

GARET *(Titignan ni Garet ang relo niya.)* Shit! Alas singko na.

RANDY So?

*(Tatayo si Garet, tila naghahanda na paalis na parang nawala na sa isip nito na gusto niyang makasama si Randy sa pagpapalipas ng gabi.)*

GARET I have to go.

RANDY Where?

GARET Sa Buscalan.

*(May pagtataka si Randy sa kilos ni Garet.)*

RANDY Alas sais pa ang first trip dun.

GARET May dadaanan pa ako sa transient house.

RANDY Anong gagawin mo dun?

GARET Kukunin ko ang gamit ko.

RANDY Hindi. Sa Buscalan?

GARET Kung ano'ng ginagawa sa Buscalan.

RANDY Malayo yun.

GARET Nandito na rin lang ako, sasagarin ko na.

RANDY Hatid na kita.

GARET No thank you.

*(Aalis na si Garet. Hahawakan ni Randy ang braso niya.)*

RANDY Miss.

Aaminin ko, the minute I first saw you I wanted to fuck you.

I am single so wala akong sabit.

At totoo na kaya ako nandito because I scout bands at may nakita na ako that's why I'm killing time at bukas balak ko nang bumalik ng Manila kaya nagrerelax na lang ako, finding a girl I could have sex with.

I know this is a transient love. But we could stay a little longer before it's over.

GARET It was nice to meet you pero kailangan ko na talagang umalis.

RANDY Kanina lang you wanted me to take you home tapos ngayon aalis ka?

Pinagti-tripan mo lang ba 'ko?

Sinusubukan?

GARET Magpapa-batok nga ako. Ibig sabihin 'nun magpapa-tattoo ako ng traditional na tattoo nila.

RANDY Of course I know that.

GARET Of course. Pero hindi moa lam na sinusubukan lang kita at kumagat ka naman.
Sa tingin mo I will throw myself at you para sa isang one night stand?

RANDY Sa tingin mo ipapahiya ko ang sarili ko para lang sa isang cheap fuck?

GARET Lahat gagawin ng isang lalaki para lang dumiskarte.
Dapat kasi nag-beach ka na lang.

*(Aalis is Garet. Maiiwan si Randy.)*

*(Maglalakad si Garet papunta sa gitna ng entablado. Kung saan naroon ang pila ng taxi)*

GARET Taxi!

TAXI DRIVER Saan?

GARET Bus station sa palengke. Dun ho sa may biyahe papuntang Bontoc.

RANDY Sandali!

GARET What the fuck?! Hindi mo ba nage-gets? Tinatakasan kita!

RANDY Pupunta rin akong Buscalan e. Pasabay na lang.

GARET At ano'ng gagawin mo dun?! Wala sa plano mo mag-Buscalan a!

RANDY Bakit? Ikaw ba may-ari nun?! Porket pupunta ka hindi na ako pwedeng pumunta?

GARET Ano ngang gagawin mo 'dun?!

RANDY May pupuntahan akong babaeng blue ang buhok.

GARET *(Bahagyang matitigilan si Garet.)* Sira ulo ka.

*(Mabubwisit ang taxi driver)*

TAXI DRIVER Uy ano ba! Sasakay ba kayo?!

GARET Ako lang ho!

*(Magmamadaling isasara ni Garet ang pinto ng taxi.)*

Halika na ho Manong bilis!

*(Pipigilan ni Randy ang pagsara ni Garet ng pinto ng taxi. Hihinto ang taxi.)*

RANDY Manong! Sandali!

GARET Manong huwag kayong hihinto! Hindi ko siya kilala!

RANDY Kasama ko siya!

TAXI DRIVER Kilala mo daw siya e!

GARET Gagawin talaga ng lalaki ang kahit ano makadiskarte lang!

*(Haharapin ni Randy si Garet.)*

RANDY Alam ko - ayaw mong makipagkilala.

Ayaw mong makipag-hook up.

Hindi ito beach.

At kahit beach 'to - hindi ka rin makikipag-hook up dahil hindi lahat ng nagbabyaheng mag-isa gustong may ma-meet.

GARET Alam mo naman pala pero pinipilit mo? Kasi at the back of your mind, iniisip mong gagawin mo ang kahit na ano maka-score ka lang sa akin.
Tsaka alam mo nang vulnerable ako.
Lalasingin mo lang ako, alam ko na ang style mo!

RANDY Kung sex lang habol ko bakit hindi na lang ako nag beerhouse diba?!
O kaya nag-Tinder!

GARET Sabi mo kasi diba gusto mong maka-meet ng babae in an organic way?

RANDY Hindi ako ang nagsabi niyan! Ikaw!

GARET So gusto mo talaga akong makilala to the point na sasamahan mo ako sa Buscalan?!

RANDY Yes. I really want to get to know you.

*(Pause. Hindi natin alam kung pasasakayin ni Garet si Randy o hindi.)*

RANDY You're cute. Pretty. Hot.
Most of all interesting. Masarap kausap.
May substance. Cool.
Tingin ko may something tayo.

Tingin ko magiging okay tayo together.

*(Katahimikan)*

RANDY Hindi kita guguluhin dun, hindi kita kakausapin kung ayaw mo.

Pwede mo 'kong maging alalay.

Di rin ako nag-eexpect na may mangyari. Pramis.

GARET Nakaka-stress ka. Panira ka ng plano alam mo 'yun?

RANDY *(Ngingitian ni Randy si Garet.)* So ano? Game?

*(Mapapangiti si Garet habang nakatingin kay Randy.)*

GARET Ewan ko…

Mukha ka namang harmless but not boring.

Dangerous enough pero hindi life threatening…

And yeah curious ako sa iyo.

But…

RANDY There are no buts! Imaginin mo ang trailer ng buhay mo!

I will look good in it. The two of us will look good in it!

GARET I don't want to end up to be another man's anecdote na ikukwento niya sa tropa niya.

RANDY Hindi ako ganun.

GARET Ewan ko. Hindi ko talaga alam.

RANDY I will prove to you, knowing me will be worth it.

*(Mahabang katahimikan.)*

RANDY Come on blue-haired girl.

*(Matitigilan si Garet. Mapapaisip.)*

GARET I don't know. Ewan. Maybe?

RANDY Yesss!

*(Pasakay na si Randy ng taxi pero mabilis na isasara ni Garet ang pinto ng kotse.)*

GARET ---Pero…

RANDY Yes?

GARET Kumuha ka ng sariling taxi mo!

*(Agad na isasara ni Garet ang pinto ng taxi. Gulat naman si Randy na naisahan siya nito.)*

GARET Manong, tara ho bilis!

RANDY Miss! Miss!

*(Hahabulin ni Randy ang taxi pero nakalayo na ito.)*

RANDY Shit!

Miss!

*(Makakakita siya ng isang taxing paparating galing sa kaliwa ng entablado. Agad na papara si Randy ng taxi)*

RANDY Taxi! Taxi!!!

*(Hindi natin alam kung maabutan ni Randy si Garet sa bus station papuntang Buscalan o hindi. At kung papunta ba ito sa totong relasyon o hook-up pa rin.)*

CURTAIN